# Paano Mapoprotektahan ang Kalusugan Mo at ng Iyong Sanggol kung Mayroon Kang Hepatitis B

**Ang hepatitis B ay malubhang sakit na maaaring habambuhay na dalhin ng iyong sanggol. Kung ikaw ay buntis at may hepatitis B, maaaring mahawahan ng virus ang iyong bagong silang na sanggol kapag nadikit siya sa dugo mo habang nanganganak ka. Para hindi mahawa ang iyong sanggol at mapanatili kang malusog, magpatingin sa provider mo ng pangangalagang pangkalusugan sa simula pa lang ng iyong pagbubuntis at makipag-usap tungkol sa hepatitis B.**



**Gamitin ang chart na ito para subaybayan ang pangangalaga sa iyo at sa sanggol mo sa panahon ng pagbubuntis at panganganak!**

## Para sa Nanay

### Habang Buntis

- ✓ Magpatingin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pangangalaga sa hepatitis B sa simula pa lang ng iyong pagbubuntis upang masuri ang antas ng hepatitis B virus mo at ang paggana ng iyong atay.
  - Ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ay puwedeng magreseta ng gamot para sa hepatitis B, kung kailangan.

### Pagkapanganak

- ✓ Siguruhing alam ng mga kawani sa ospital na mayroon kang hepatitis B.
- ✓ Siguruhing alam ng provider ng pangangalagang pangkalusugan na siyang mangangalaga sa iyong sanggol na mayroon kang hepatitis B.

### Pagkapanganak at Pagkatapos Nito

- ✓ Sa ika-1 hanggang 2 buwan, mag-follow up sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pangangalaga sa hepatitis B.
  - Lalo na itong mahalaga kung nasimulan kang gamutin para dito habang buntis.
- ✓ Mag-follow up sa provider mo ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagsubaybay sa hepatitis B nang kahit tuwing 6 buwan.

**Tiyakin na magpapasuri at magpapabakuna ang iyong kapareha at ang mga taong kasama mo sa bahay para sa hepatitis B habang ikaw ay buntis.**

## Para sa Sanggol

### Pagkapanganak

Dapat maturukan ang sanggol nang 2 beses sa loob ng 12 oras pagkapanganak para maprotektahan laban sa impeksiyon:

- ✓ Isang turok ng hepatitis B immune globulin (HBIG)
- ✓ Unang turok ng bakuna sa hepatitis B

### 1-2 Buwan

- ✓ Dapat matanggap ng iyong sanggol ang kanyang ika-2 bakuna sa hepatitis B.

### 6 Buwan

- ✓ Dapat matanggap ng iyong sanggol ang kanyang ika-3 bakuna sa hepatitis B.

### 9-12 Buwan

- ✓ Kailangang ipasuri ang dugo ng iyong sanggol para malaman kung may hepatitis B siya o wala, at malaman ang antas ng proteksiyon para sa kanya.

### Pagpapasuso

- ✓ Kausapin ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa suporta sa pagpapasuso at kung paano maiiwasan o mapangangalagaan ang pagbitak o pagdurugo ng utong para hindi madikit ang sanggol sa iyong dugo.
- ✓ Kung nakatanggap ang bagong silang na sanggol ng bakuna sa hepatitis B at hepatitis B immune globulin (HBIG) habang ipinanganganak, napakababa lang ng panganib na mahawahan ng nanay ang kanyang anak ng hepatitis B habang nagpapasuso. Kapag naturukan na ang iyong sanggol ng mga ito, ligtas nang magpasuso.

Hep B Hub
doh.wa.gov/hepbhub

Washington State Department of Health

DOH 420-441 October 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Hango sa North East Medical Services, www.nems.org.